THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 Nationwide Simultaneous Tree Planting activity nilahukan ng Lalawigan

VOLUME I No. 44 Sept. 12, 2022 - Sept. 18, 2022

# Blood Donation Activity ginanap sa Naujan



BAHAGI NG PAGDIRIWANG ng 14th Anniversary ng Oriental Mindoro Blood Council (OMBC) ang isinagawang Mass Blood Donation activity sa bayan ng Naujan, kamakailan.

Sa pangunguna ni Dr. Jonathan Leviste, ibat-ibang private at public Medical Technologists ang nagbigay ng tulong sa pagsasagawa ng blood extractions.

Tinatayang nasa 200 Mindoreñong donors ang nakilahok sa blood donation.

Inaasahan na ang mga nakalap na dugo ay makakatulong sa mga pasyenteng mangangailan nito (PIO Oriental Mindoro).

# Planong Digitalization ng Calapan City Gov't, inilalatag na



IPRENISINTA ni Mr. Manuelito Reyes Pinlac, CEO ng LIKHAAN AGGLOMERATES Inc. sa harap nina City Mayor Malou Flores-Morillo at City Vice Mayor Bim Ignacio kasama ng mga konsernadong department heads ng City Government of Calapan ang proposed Public-Private Partnership Project ng kanyang kompanya na aniya'y sadyang desenyo para sa lungsod na tinawag nitong 'CALAPAN FUTURE CITY' na naglalayong gawing digitalize ang ilan sa mga sistema ng serbisyo at operasyon sa City Government of Calapan.

Kabilang sa ICT Vision for Calapan City na maaring ayusin ng Likhaan ay ang area ng Security, Healthcare, Waste, Economic Development and Housing at iba pa.

Naniniwala si City Mayor Morillo na malaki ang maitutulong ng digital transformation sa sistema ng implimentation ng operasyon ng Pamahalaang Lungsod upang higit na mapalago ang ekonomiya kaakibat ng kanyang pangarap na gawing 'Highly-Urbanized City' ang Calapan.

Ipinahayag naman ni Vice Mayor Bim ang kanyang pagsuporta sa lahat ng programa ni Mayor Malou bilang siyang namumuno sa Sagguniang Panlungsod.

# 100 year-old Lola, tumanggap ng 50k mula sa lalawigan



TUMANGGAP ng Php 50,000 cash incentive mula sa Pamahalaang Panlalawigan si Gng. Crispina M. Ramos, 100 taong gulang, ng Barangay Sta. Isabel, Lungsod ng Calapan ngayong araw, Setyembre 15.

Ang pagkakaloob ng insentibo ay pagkilala at pagpapahalaga ng pamunuan ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor sa mga centenarian ng lalawigan.

Ang gawain ay pinangasiwaan ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) sa pamumuno ni PSWD Officer Sarah C. Magboo.



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM













**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# *Maaari nang magbayad ng pamasahe sa tricycle thru Gcash!*

Maaari nang magbayad ng pamasahe sa tricycle thru Gcash matapos ang matagumpay na pagbubukas ng kanilang GPO Account ang ilang TODA drivers ng Lungsod ng Calapan kasabay ng ginanap na 'eCommerce Roadshow' ng Department of Trade and Industry (DTI) at GCASH sa Covered Court, Lumangbayan, Calapan City ngayong araw, Setyembre 13.

Sa paglulunsad na ito ng DTI ng naturang programa para sa TODA Drivers, tumuon ito sa temang "Cashless for all: The Rise of Inclusive Digital Solutions" ng naturang ahensya at katuwang nito.

Personal naman itong sinaksihan nina DTI MIMAROPA Assistant Regional Director Rudy Mariposque at DTI Provincial Director Arnel Hutalla na matatandaang kapwa aktibong gumaganap ng kanilang mga pangunnahing tungkulin sa DTI.

Samantala, matapos ang unang bugso ng paglulunsad na ito ng naturang programa, nakatakda rin itong ilunsad sa September 14 sa Marfrancisco Covered Court, Pinamalayan, at September 15, sa Roxas Gymnasium, sa bayan ng Roxas.

# Nationwide Simultaneous Tree Planting activity nilahukan ng Lalawigan






NAKIISA ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Environment and Natural Resources Office (PG- ENRO) sa isinagawang Nationwide Simultaneous Tree Planting activity ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na tumuon sa temang "Buhayin ang Pangangalaga sa Kalikasan" sa Brgy. Rosacara, Bansud noong September 13.

Kaagapay ng DILG Oriental Mindoro sa naturang tree planting na pinamumunuan ni Provincial Director Maria Victoria J. Del Rosario ang iba pa nitong katuwang na ahensya ng pamahalaan kabilang ang DENR-PENRO, DA MIMAROPA, DOLE, PNP, BFP, BJMP, 203rd, 76IB, LGU- Bansud, Barangay Rosacara, CENRO-Roxas, at ang Geodetic Engineers of Oriental Mindoro.

Pinasasalamatan naman ng DILG ang lahat ng tumugon sa sama-samang pagtataguyod at pangangalaga sa kalikasan at sa tagumpay ng makabuluhang gawaing ito.

Samantala, nakapagtanim ng 400 narra seedlings, 50 carabao mangoes sa walong ektaryang lupain ng Sitio Kapihan, Brgy. Rosacara, Bansud (PIO Oriental Mindoro).







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 44 Sept. 12, 2022 - Sept. 18, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Selebrasyon ng 59th Fish Conservation Week idinaos*







NAKIISA si Mayor Malou Flores - Morillo sa opening ceremonies ng 59th Fish Conservation Week na pinangunahan ng Department of Agriculture - BFAR MIMAROPA, ika-12 ng Setyembre.

“Pagkain ng Bansa Siguruhin, Likas-kayang Produksyon ng Isda Isulong Natin”

Iyan ang tema ng 59th Fish Conservation Week sa taong ito na pinagdiriwang ng BFAR kasama ang iba’t ibang water agencies, at fisherfolks. Layunin nito na paigtingin at isulong ang pangangalaga sa fisheries at aquatic resources hindi lamang para matamo ang food security, kundi para na rin sa kapakanan ng kalikasan.

Ibinahagi naman ni Mayor Malou ang kaniyang mga plano upang mapaunlad ang turismo ng Calapan at kasama na nga dito ang pagsasaayos ng mga coastal at aquatic resources ng lungsod. Nagpapasalamat din siya sa DA-BFAR MIMAROPA sa pagpreserve at pangangalaga ng ating kalikasan.

Kasama sa mga dumalo ay si Mr. Elizer S. Salilig, MFT, Regional Director ng BFAR MIMAROPA, at si Ms. Christine Pine, Provincial Agriculturist.

Matapos ang opening ceremonies ay nagkaroon ng ribbon cutting para sa trade fair and exhibits kung saan nanguna si Mayor Malou sa pagtangkilik ng mga local seafood products (City Information Office).